

Sa mga negosyanteng nag-iimbak o nagtatapon ng nakapipinsalang gamit na kasangkapan

Mula Abril 2018

Kinakailangan ang pag-uulat*1 sa gobernador ng prefecture o iba pang maykapangyarihan*2

Kung nagsasagawa na ng pag-iimbak o pagtatapon ng nakapipinsalang gamit na kasangkapan noon pang Abril 1, 2018, kinakailangan ang pag-uulat nang hindi lalampas ng Oktubre 1, 2018.


Ipinatupad ang batas na nagrebebisa sa bahagi ng Batas hinggil sa Pagpoproseso ng Basura at Pamublikong Paglilinis (Batas sa Pagpoproseso ng Basura) mula Abril 1, 2018.

*1 Papatawan ng multang hindi lalampas ng 300,000 yen ang taong lumabag sa obligasyon ng pag-uulat

*2 Alkalde ng lungsod na itinalaga sa ordinansa na nakatakda sa Artikulo 24-2 ng Batas sa Pagpoproseso ng Basura

Pagtukoy sa nakapipinsalang gamit na kasangkapan

Mula sa mga kasangkapang nakatalaga bilang sakop na bagay, tinutukoy ng nakapipinsalang gamit na kasangkapan ang hindi **basura**, at bagay na hindi maaaring **i-reuse (gamitin muli)**.



* Mula sa mga natapos gamitin at kinolektang kasangkapan (liban sa basura), bagay na may nararapat na halaga ang bahagi bilang kagamitang panangkap, at may panganib na magdulot ng pinsala kaugnay sa kapaligiran ng pamumuhay o sa kalusugan ng tao kung isinagawa ang hindi naaangkop na pag-iimbak o pagtatapon

Ukol sa pag-uulat

Kung panibagong magsasagawa ng negosyo ng pag-iimbak o pagtatapon ng nakapipinsalang gamit na kasangkapan, kinakailangan matanggap ang pag-uulat nang hindi lalampas ng 10 araw bago magsimula ng negosyo.

Taong hindi kailangang mag-ulat


Hindi kailangang mag-ulat ang taong mayroong pahintulot batay sa Batas sa Pagpoproseso ng Basura kaugnay sa tinutukoy na yarda, o iba pang taong itinuturing na makapangangasiwa nang wasto ayon sa pangangalaga ng kapaligiran ng pamumuhay.

Para sa mga detalye, mangyari lamang na sanggunian ang "Patnubay kaugnay sa Pag-iimbak at iba pa ng Nakapipinsalang Gamit na Kasangkapan".


Sakop na bagay*

Sakop na bagay ang nakatalagang 4 na bagay sa Batas hinggil sa Pagre-recycle ng Partikular na Kasangkapang Pantahanan (Batas sa Pagre-recycle ng Pantahanang Appliance) at nakatalagang 28 bagay sa Batas hinggil sa Pagsulong na Gawing Resource Muli ang Gamit na Maliliit na Kasangkapang De-kuryente (Batas sa Pagre-recycle ng Maliliit na Pantahanang Appliance). (Kasama ang mga aksesorya)

Sakop na bagay sa Batas sa Pagre-recycle ng Pantahanang Appliance (4 na bagay)



Sakop na bagay sa Batas sa Pagre-recycle ng Maliliit na Pantahanang Appliance (28 bagay)



Fax machine, PHS at smartphone, radyo, video camera, DVD recorder, digital audio player at stereo set, personal computer, magnetic disk unit at optical disk unit, display monitor, e-book reader, de-kuryenteng sewing machine, de-kuryenteng grinder at drill, timbangan, de-kuryenteng nebulizer, film camera, microwave oven, de-kuryenteng dehumidifier, de-kuryenteng plantsa at vacuum cleaner, de-kuryenteng kotatsu at de-kuryenteng heater, de-kuryenteng pang-ahit, de-kuryenteng massager, treadmill, de-kuryenteng mower, fixture ng fluorescent light, de-kuryenteng orasan, de-kuryenteng instrumentong pangmusika atbp.

* Sa kasangkapang pangnegosyo, sakop lamang kung hindi madali ang pagpasya sa mismong lugar tungkol sa pagkakaiba noon sa kasangkapang pantahanan.


Background sa Pagrehabilitasyon ng Batas sa Pagpoproseso ng Basura

Nagdudulot ng sunog at iba pang sagabal sa pangangalaga ng kapaligiran ng pamumuhay ang pag-iimbak o pagtatapon ng bagay na pinaghalo ang gamit na kasangkapang de-kuryente o elektroniko at metal scrap na naglalaman ng tingga o iba pang nakapipinsalang materyal (tinatawag na miscellaneous scrap), nang hindi sapat ang hakbang para sa pangangalaga ng kapaligiran, at kinakailangang patatagin ang pagtugon dito.



Mga Pamantayan sa Pag-iimbak at Pagtatapon ng Nakapipinsalang Gamit na Kasangkapan

Kinakailangang sundin ang mga pamantayan at isagawa ng mga nagnenegosyo sa pag-iimbak at pagtatapon ng mga nakapipinsalang gamit na kasangkapan ang naaangkop na pag-iimbak o pagtatapon upang mapigilan ang epekto nito sa kapaligiran ng pamumuhay. Ipinapakita sa larawan sa ibaba ang buod ng mga pamantayan.



Para sa mga katanungan

Dahil wikang Hapon ang karaniwang ginagamit sa on-site inspection, hinihiling ang inyong pakikipagtulungan sa paghahanda ng sistema kung saan makakatugon sa wikang Hapon.

Ukol sa pag-uulat kaugnay sa pag-iimbak at pagtatapon ng nakapipinsalang gamit na kasangkapan, mangyari lamang na magtanong sa malapit sa inyong prefecture o lungsod na itinalaga sa ordinansa.

[Para sa mga katanungan kaugnay ng flyer na ito]

Dibisyon ng Regulasyon sa Basura, Kawanihan ng Pagpapanumbalik sa Kapaligiran at Sirkulasyon ng Resources, Kagawaran ng Kapaligiran
Telepono: 03-3581-3351

Para sa mga detalye, mangyari lamang na sanggunian ang patnubay kaugnay sa pag-iimbak at iba pa ng nakapipinsalang gamit na kasangkapan.
(<http://www.env.go.jp/recycle/waste/laws/kaisei2017/index.html>)